# Pagpapalago sa Relasyon at Pagpapalagayang-loob kay Kristo

A Lord's Flock General Assembly Topic

Ni: Fr. Charles Lueras

Oktubre 15, 2022

Lumago sa relasyon at pagpapalagayang-loob kay Kristo, inilahad ni Fr. Charles Lueras na ang mundong ating ginagalawan ay punong-puno ng kadiliman, pagkawasak at kasalanan. Gayunpaman, mapalad tayo na mayroon tayong Panginoong Diyos na nagbigay liwanag sa sangkatauhan sa pamamagitan ng pagpapatawad at pakikiramay. Ayon sa kanyang patoto, noong siya ay labinsiyam (19) na taong gulang walang saysay ang kanyang buhay at malungkot dahil malayo siya sa Diyos. Ang kanyang kakulangan o pagiging walang kabuluhan ang nagmulat sa kanya na gusto ng Diyos na mapalapit sa kanya. Dagdag pa niya na ang pangunahing sangkap ng pagkakaroon buo at magiliw na pakikipag-ugnayan sa Diyos ay sa pamamagitan ng panalangin, pagbasa ng Bibliya at pagtulad kay Hesukristo.

**1. Ang pangunahing pagtawag ay ang pagtugon sa panawagan ni San Pablo:**

"Tularan niyo ako, gaya ng pagtulad ko kay Kristo" (1 Corinto 11:1). Ito ang paraan ni Kristo, ang pagpapatawad, pagbibigay at pagbabahagi ng Kanyang mga Salita. Kaya nga, maging mas pamilyar tayo sa Diyos, ang Simbahan, at ang Banal na Kasulatan.

**2. Upang maging katulad ni San Pablo at ating Panginoong Diyos, kailangan nating sundin ang Kanyang mga utos at ang Kanyang mga halimbawa**.

Upang maging malapit sa Diyos kailangan nating magkumpisal, makilahok sa mga sakramento at maging miyembro ng Mahiwagang katawan ni Kristo. Ang Bibliya ay isinulat upang maging gabay natin sa ating paglalakbay para makarating tayo sa ating huling hantungan, ang langit. Mayroong 1.5 bilyong Katoliko ang dapat mamuhay ayon sa utos ng Diyos na mahalin ang kapwa at buksan ang puso sa pakikinig sa Kanyang mga Salita. May ibinahagi si Fr. Lueras na karagdagang gabay, nakasaad ang kahulugan ng salitang "Bible":

*B- Basic*
*I- Instructions*
*B-Before*
*L- Leaving*
*E-Earth*

Nailigtas na tayo ni Hesus mula sa kamatayan sa krus. Gayunpaman, kailangan nating gawin ang nararapat nating gawin. Ang susi ng pagtubos at kaligtasan ay pagdasal at ang kahulugan ng *PRAYER* *a*y ito:

*P- Priority*
*R- Regular with*
*A- Attention and Affection*
*Y- Yes to the Book of God*
*E-(its goal is) Eternity*
*R-(always pray with) Reverence and Respect*

**Konklusyon:**

Dapat huwag tayong padadaig sa Demonyo at sa kadiliman na bumabalot sa mundo. Lahat ng mga ito kaguluhan sa isip, tukso, kadiliman, at kasalanan ay mga paraan ng pagtawag ng ating pansin ng Diyos at ito na ang oras upang manumbalik sa Kanya. Ang patotoo ni Fr. Lueras ay pagpapahayag ng umaapaw na grasya at pag-ibig ng Diyos. Naramdaman niya ang Banal na Espiritu Santo. Ang nangyari sa kanya ay maaari ring mangyari sa ating lahat. Para sa ating kaligtasan, kailangan nating manalangin at manatiling malapit sa Diyos sa pamamagitan malalim na relasyon kay Hesus. Ang buhay natin ay pagtulad kay Hesus para tayo ay makapasok sa langit at magkaroon ng buhay na walang hanggan kasama Siya.

**Pagninilay:**

1. Naramdaman mo ba si Hesus habang ikaw ay naglalakbay patungo sa iyong pagbabagong anyo?
2. Nagbagong ba ang iyong buhay noong kasama mo si Hesus?
3. Gaano kalalim ang relasyon mo kay Hesus?
4. Ang pananalangin at pagbabasa ng Bibliya ba ay nakatutulong sa iyo?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags:#Panalangin